

## Tumawag upang makakuha ng iba pang impormasyon

Mahalaga na tumawag sa iyong opisina ng State Medical Assistance (Medicaid) o kaya ay punuin ang isang aplikasyon kung sa tingin mo na maaari kang maging kuwalipikado para ka makatipid, kahit na ang iyong kita o mga mapagkukunan ay higit na malaki kaysa sa mga halagang nakalista sa brochure na ito. Pumunta sa Medicare.gov/talk-to-someone, piliin ang estado mo, pagkatapos ay piliin ang “Other insurance programs” para makuha ang numero ng telepono para sa Medicaid office ng estado mo. Maaari ka ring tumawag sa 1-800-MEDICARE (1-800-633-4227). Ang mga gumagamit ng TTY ay maaaring tumawag sa 1-877-486-2048.

## Ang tanging paraan upang malaman kung ikaw ay kuwalipikado ay kung mag-aaplay.

Tumawag sa tanggapan mo ng State Medical Assistance (Medicaid) para malaman kung kuwalipikado ka.

## Saan ako makakukuha ng iba pang impormasyon?

- Bumisita sa Medicare.gov upang makita o maimprenta ang mga publikasyon ng Medicare at maghanap ng mga makatutulong na numero ng telepono at mga lugar sa web.
- Tumawag sa 1-800-MEDICARE (1-800-633-4227) at magtanong tungkol sa pagkuha ng tulong sa pagbabayad ng iyong hulog sa Medicare. Ang mga gumagamit ng TTY ay makakatawag sa 1-877-486-2048.
- Tumawag sa iyong opisina ng iyong State Medical Assistance (Medicaid). Para makuha ang numero ng telepono nila, pumunya sa Medicare.gov/talk-to-someone, piliin ang estado mo, pagkatapos ay piliin ang “Other insurance programs,” o tumawag sa 1-800-MEDICARE.

May karapatan kang kumuha ng impormasyon sa Medicare sa anyong maa-access, tulad ng malaking print, Braille, o audio. May karapatan ka ring magsampa ng reklamo kung sa palagay mo ay nadiskriminahan ka. Pumunta sa Medicare.gov/about-us/accessibility-nondiscrimination-notice, o tumawag sa 1-800-MEDICARE (1-800-633-4227) para sa karagdagang impormasyon. Ang mga gumagamit ng TTY ay maaaring tumawag sa 1-877-486-2048.

Ang produktong ito ay ginawa bilang gastos ng nagbabayad ng buwis sa U.S..

# Kumuha ng tulong sa iyong gastos sa Medicare

ANG PAGSISIMULA



## Ang mga programang makatutulong upang makatipid ka ng pera



CMS Product No. 10126-T (Tagalog)
Revised March 2022

## Makakatipid ka ng pera sa mga programa ng estado


MAGSIMULA TAYO

Makakakuha ka ng tulong mula sa estado mo para bayaran ang iyong mga premium sa Medicare. Sa ilang mga kaso, ang mga Programa sa Matitipid sa Medicare ay maaring magbayad ng Medicare Bahagi A (Seguro sa Ospital) at Medicare Bahagi B (Seguro sa Medikal) para sa maibabawas, kabahagi ng seguro, at kabahagi sa binabayaran kung matutugunan mo ang ilang mga kalagayan.

**May 4 na uri ng mga Programa sa Matitipid sa Medicare:**

1. Kuwalipikadong Benepisyaryo ng Medicare (QMB)
2. Mga Tinukoy na Maliit ang Kita na mga Benepisyaryo ng Medicare (SLMB)
3. Kuwalipikadong Indibidwal (QI)
4. Mga Kuwalipikadong Walang-kaya at Nagtatrabahong Indibidwal (QDWI)

Kung ikaw ay maging marapat para sa programa sa QMB, SLMB, o kaya ay QI, ikaw ay otomatikong magiging kuwalipikado na makakuha ng Ekstrang Tulong sa pagbabayad ng pagsasaklaw sa gamot ng Medicare.



## 3 Mga Mahalagang Katanungan

Kung sumagot ka ng "oo" sa lahat ng mga tanong na ito, bumisita sa Medicare.gov, o kaya ay tumawag sa iyong opisina ng State Medical Assistance (Medicaid) para makita kung kuwalipikado ka para sa Medicare Savings Program sa estado niyo:

1. **Mayroon ka ba, o karapat-dapat ka ba para sa Bahagi A?** Kung hindi ka sigurado, tingnan sa iyong pula, puti, at asul na tarheta ng Medicare, o tumawag sa Seguridad Sosyal sa 1-800-772-1213. Ang mga gumagamit ng TTY ay maaaring tumawag sa 1-800-325-0778.

2. **Ang iyo bang kita sa 2022 ay nasa o kaya ay mababa kaysa sa limitasyon ng kita na nakalista sa ibaba?** Ang impormasyon sa chart ay makukuha sa Medicare.gov/medicare-savings-programs.

**Nota:** Ang mga limitasyon sa kita at pagkukunan sa tsart ay maaring magbago sa 2023

| Programa sa Matitipid Sa Medicare | Limitasyon sa buwanang kita ng Indibidwal* | Limitasyon sa buwanang kita ng Mag-asawa* | Makakatulong sa pagbabayad ng |
|---|---|---|---|
| QMB | $1,153 | $1,546 | Ang hulog sa Bahagi A at Bahagi B at iba pang gastos (gaya ng maibabawas, kabahagi sa seguro, at kabahagi sa binabayaran) binabayaran) |
| SLMB | $1,379 | $1,851 | Hulog lamang para sa Bahagi B |
| QI | $1,549 | $2,080 | Hulog lamang para sa Bahagi B |
| QDWI | $4,615 | $6,189 | Hulog lamang para sa Bahagi A |

3. **Ikaw ba ay may limitadong pagkukunan?** Ang limitasyon ng pagkukunan sa 2022 para sa programa sa QMB, SLMB, at QI ay $8,400 para sa isang tao at $12,600 para sa isang mag-asawa. Ang limitasyon ng pagkukunan para sa programa sa QDWI ay $4,615 para sa isang tao at $6,189 para sa isang mag-asawa. Kasama sa mga binibilang na pagkukunan ang pera sa iyong kuwenta para sa tseke o kuwenta para sa pagtitipid, sertipiko ng pag-aari, at sertipiko ng pagkakautang. Kapag binilang mo ang iyong mga pagkukunan, huwag mong isama ang iyong bahay, ang iyong sasakyan, sukat ng lupa sa paglilibing, hanggang $1,500 na gastos sa paglilibing kung isinantabi mo ang pera para dito, kasangkapan, o iba pang mga gamit para sa sambahayan o sa pansarili.

* Kung may kita ka sa pagtatrabaho, maari kang maging kuwalipikado sa mga benepisyong ito kahit na ang iyong kita ay higit na malaki kesa sa mga limitasyong ito. Hindi magkakatulad ang pagkalkula ng iyong kita at pagkukunan sa karamihan sa mga estado, kaya maaring maging kuwalipikado ka sa iyong estado kahit na sa tingin mo na higit na mataas ka sa mga limitasyong ito. Ang mga limitasyon ay mataas ng kaunti sa Alaska at sa Hawaii. May ibang estado na may mataas na antas ng pagkukunan o kaya ay hindi ibinibilang ang mga pagkukunan. Tiyakin sa iyong estado para makakuha ng higit na kaalaman.

1-800-MEDICARE

Medicare.gov